# Foretold

## Ang Matuwid na Nagtagumpay

WEEK 5

### WARM-UP

- Ano ang kadalasang gantimpala na ibinibigay mo sa sarili mo matapos ang isang nakakapagod na araw?
- Naranasan mo na bang makatanggap ng isang bagay na matagal mo nang hinihintay? Magkuwento tungkol dito.
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na nagbigay ka ng regalo sa isang tao para ipakita na pinahahalagahan mo siya.

### WORD

*Pero kalooban ng Panginoon na saktan siya at pahirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng Panginoon para mabayaran ang kasalanan ng mga tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay matutupad ang kalooban ng Panginoon.* **ISAIAS 53:10**

Sa aklat na isinulat ni Isaias, marami ang mga propesiya tungkol sa Tagapagligtas na tatanggap ng paghihirap dahil sa kasalanan ng mga tao. Subalit ang kuwento ng Tagapagligtas na ito ay hindi dito nagtatapos. Bagama't si Jesus ay ipinadala bilang isang sakripisyo para sa mundo, Siya rin ay isang matagumpay na Tagapaglitas. Nagtagumpay Siya laban sa kasalanan at kamatayan nang mabuhay Siyang muli dahil hindi Siya kailanman nagkasala. Ang mga nagtitiwala sa Kanya ay nakatanggap ng tatlong pangako.

## 1 Tayo ay ituturing na matuwid.

*Kapag nakita niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya. Sinabi ng Panginoon, "Sa pamamagitan ng karunungan ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga kasalanan.*

**ISAIAS 53:11**

Dahil si Jesus ay naparito sa lupa at namatay para sa atin, marami ang ituturing niyang matuwid. Nang isakripisyo ni Jesus ang sarili Niya sa krus, ipinagpalit Niya ang Kanyang pagkakakilanlan sa pagkakakilanlan natin. Si Jesus ay naging kasalanan para sa atin at tayong mga naniwala sa Kanya ay binihisan Niya ng pagiging matuwid. Hindi na tayo nabubuhay sa kasalanan, bagkus ay naibalik tayo sa tamang relasyon sa Diyos. Ang lahat ng ito ay sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at sakripisyo (Mga Taga-Efeso 2:8,9). Ngayon na tayo ay ginawang matuwid ng Diyos, paano tayo dapat mamuhay? (Mga Taga-Roma 5:1,2)

## 2 Mapagtatagumpayan natin ang makasalanang pamumuhay.

*Kapag nakita niya ang bunga ng kanyang paghihirap, matutuwa siya. Sinabi ng Panginoon, "Sa pamamagitan ng karunungan ng aking matuwid na lingkod ay marami ang ituturing niyang matuwid, magdurusa siya para sa kanilang mga kasalanan.*

**ISAIAS 53:11**

Kay Jesus, hindi lamang tayo itinuring na matuwid, kundi kaya din nating pagtagumpayan ang masamang pamumuhay. Dati, itinuring tayong mga patay ng Diyos dahil sa mga kasalanan natin. Ngunit binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay at binigyan ng kakayahan na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa at mamuhay nang maayos, matuwid at makadiyos. (Tito 2:11,12). Kahit na tayo ay nabubuhay sa makasalanang mundo, hindi natin kailangang mamuhay nang naaayon dito.

Maaari tayong mamuhay nang may katagumpayan sa kasalanan dahil kay Jesus. Paano nagbago ang buhay mo simula nang isuko mo ang buhay mo kay Cristo?

## 3 Matatanggap natin ang ating mana kasama ni Cristo.

*"Dahil dito, pararangalan ko siya katulad ng mga taong tanyag at makapangyarihan dahil ibinigay niya ang buhay niya. Ibinilang siya na isa sa mga makasalanan. Nagdusa siya para sa maraming makasalanan at hiniling pa niya sa Diyos na sila'y patawarin."*

**ISAIAS 53:12**

Ngayon na tayo ay na kay Cristo na, tayo ay tagapagmana kasama ni Cristo. Dahil si Cristo ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan, pararangalan Siya katulad ng mga taong tanyag at makapangyarihan—isang mana mula sa Diyos na ibabahagi ni Jesus sa mga nagtitiwala sa kanya. Ang mga mana nating ito kasama ni Cristo ay higit pa sa anumang yaman na maibibigay ng mundo. Dahil sa natanggap nating Espiritu, tayo ay naging mga anak ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:15). Tayo ay naging bahagi ng pamilya ng Diyos. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:15-18 tungkol sa bago nating katayuan kay Cristo?

## APPLICATION

- Isinasabuhay mo ba ang katagumpayan na ibinigay sa iyo ni Jesus sa krus? Gusto mo bang magtiwala kay Jesus para maisapamuhay mo ang tagumpay na ito araw-araw?
- Ngayong alam mo na kaya mong mamuhay nang malaya sa kasalanan sa pamamagitan ni Cristo, paano mo babaguhin ang paraan mo ng pamumuhay? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin nayong linggo upang mamuhay nang matuwid sa Diyos?
- Hingin sa Diyos ang mga paraan kung paano mo maipapakita sa mga kaibigan at kapamilya mo na kaya nilang mamuhay nang may katagumpayan sa pamamagitan ng kakayahan ni Jesus.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na kaya mong mamuhay nang may katagumpayan at na ikaw ay nasa tamang relasyon sa Kanya dahil sa sakripisyo ni Jesus. Ipanalangin na magawa mong mamuhay nang ayon sa kagustuhan Niya araw-araw.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo kung saan kailangan mong maranasan ang Kanyang tagumpay. Ipanalangin ang kakayahan at lakas ng loob na mamuhay nang may pananampalataya ayon sa kagustuhan Niya.
- Ipanalangin na magawa mong ibahagi sa mga kapamilya at kaibigan mo ang tagumpay na ibinigay ni Cristo sa atin. Ipanalangin na buksan ng Diyos ang mga puso nila para sa ebanghelyo.

## NOTES

VICTORY

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph